# TRABAHO, TRABAHO LANG: ANG PAGPAPAIKLI SA HABA NG TRABAHO BILANG PANIMULANG HAKBANG TUNGO SA UTOPIA

## *Work, Just Work: Shortening Work Hours as a First Step Toward Utopia*

U Z. Eliserio
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Abstrak**

Tinatalakay ng papel na ito ang pananaw sa paggawa ni Nietzsche at inihahambing ito sa iba't ibang teksto mula sa Latina Amerika at Pilipinas. Gamit ang mga gawa nina Luna Sicat-Cleto, Jun Cruz Reyes, Rolando Tolentino, at Ramon Guillermo, sinisiyasat sa papel ang penomenon ng trabaho. Binabatikos dito ang pagtingin sa trabaho bilang batis ng kahulugan at kasiyahan sa buhay at tinatalakay ang utopian na ideya ng pagpapaikli ng oras ng trabaho sa isang kritikal na diyalogo sa akdang *Overtime* nina Stronge at Lewis. Ang trabaho mismo, ang pangangailangang magtrabaho para mabuhay, ang problema, kahit na ang trabaho ay magaan at masaya.

*This paper discusses Nietzsche's perspective on labor and compares it with various texts from Latin America and the Philippines. Utilizing the works of Luna Sicat-Cleto, Jun Cruz Reyes, Rolando Tolentino, and Ramon Guillermo, the paper examines the phenomenon of work. It critiques the view of work as a source of meaning and fulfillment*

*in life and engages in a critical dialogue with Stronge and Lewis's work Overtime to explore the utopian idea of reducing working hours. The paper argues that work itself—the necessity to labor in order to live—is the problem, even if the work is light and enjoyable.*

**Mga susing salita:** Nietzsche, trabaho, utopia, film studies, panunuring pampanitikan
*Nietzsche, labor, utopia, film studies, literary criticism*

Kinilala ni Nietzsche ang potensyal ng paggawa bilang erya ng pananaliksik. Sa ika-7 seksyon ng *Masiyahing Agham,* ang ikalima niyang libro, isinama niya ang pag-aaral tungkol sa kinalalabasan ng regular na pagtatrabaho sa moralidad ng pagkain at kasaysayan ng pagpaparusa bilang mga hindi pa nasasaliksik na paksa, mga penomenong nagbibigay kulay sa pag-iral, sa pagiging narito sa mundo. Seseryosohin ng papel na ito ang kanyang panukala, sa pamamagitan ng pakikipagdiyalogo sa iba't ibang teksto, pelikula mula sa Latina Amerika, at mga nobela, maikling kwento, sanaysay, dagli, at tulang Filipino, saka magbibigay ng maikling pagkonsidera sa panukala ng *Overtime* nina Stronge at Lewis. Kolaydoskowpik ito, tinitingnan ang penomeno ng paggawa mula sa iba't ibang anggulo. Ipinapamalas na may kaisahan, kahit papaano, ang pagkontra sa trabaho, ang mga aristokratong pilosopo, artista mula sa Ikatlong Mundo, at makakaliwa mula sa Kanluran. Gayumpaman, malay ang may-akda na minsan masakit sa mata ang kolaydoskowp, at minsan nakakahilo.

Argumento ng papel na ito na ang trabaho bilang trabaho ang problema, gaano man kalupit o kalambing ang katangian ng mga partikular na trabaho. Ang hiling na maka-utopia, kung gayon, ay ang katapusan ng trabaho, pero bilang taktikal na maneobra, base kina Stronge at Lewis, ang praktikal na igigiit ay ang pagpapaikli ng oras sa trabaho. Simulan natin ang pagsusuri ng penomenon ng trabaho sa pagtalakay ng mga argumento ni Nietzsche mismo.

Sa ika-18 seksyon ng kanyang *Kapanganakan ng Trahedya*, walang makakapagduda sa reaksyonaryo at makakanan na pananaw ni Nietzsche tungkol sa lipunan. Dito, idiniin niya ang pagkadepende ng kultura ng Alexandria sa uri ng alipin. Ang atake nga niya, ikinakaila ang pangangailangang ito sa pang-aalipin ng optimisikong pananaw sa buhay, kaya nauuwi ito sa pagkawasak pag nawalan na ng bisa ang mga pahayag nito tungkol sa "dignidad ng tao" at "dignidad ng trabaho" (alalahanin natin ang awit: "Dakila ang paggawa...") Wala na nga raw mas teribile, ayon kay Nietzsche, kumpara sa mga barbarong aliping handang ipaghiganti hindi lang ang kanilang mga sarili, kundi ang mga naunang henerasyon. (Ang imahen ito ang batis ng pagdiriwang ni Benjamin sa Tesis XII ng kanyang *Hinggil sa Konsepto ng Kasaysayan*, 2013, 59.) Sa ika-188 seksyon ng *Masiyahing Agham*, ipinahayag ni Nietzsche ang pagkaasiwa sa di-umano'y paglapit ng paggawa at

mga manggagawa kahit sa mga mayaman. Parang boomer, pinuri pa nga niya ang pagturing na kabastusan noong panahon ni Louis XIV ang pagsabing “Lahat tayo ay manggagawa.”

Binalikan ni Nietzsche ang puntong ito tungkol sa pang-aalipin sa ika-439 na seksyon ng unang tomo ng *Taong-tao Lamang*. Dalawa nga raw ang caste sa isang lipunan para magkaroon ng mataas na kultura: ang caste ng mga kailangang magtrabaho, mas mainam sabihin: mga alipin, at ang caste ng mga gagawa lang kung gusto. Ipinamalas din ni Nietzsche ang kanyang mistipikasyon sa paggiit na mas higit ang pagdurusa ng mga hindi kailangang magtrabaho. Mas mababa ang pag-enjoy nila sa pag-iral. Kaya nga sa ika-462 seksyon, na may pamagat na “Ang Aking Utopia,” inilarawan ni Nietzsche ang para sa kanya’y mas magandang pagkakaayos sa lipunan, kung saan ang mabigat na trabaho’y ibibigay sa di sensitibo, at ibibigay ang pinakamagaan sa mga sobrang sensitibo, hindi sila Gen Z kundi mga nakatataas na uri, iyong mga kahit ang sarap na ng buhay ay naghihirap pa rin. Sa ika-457 seksyon ng parehong libro, lalapot ang sitwasyon, dahil makikitang iba ang tinutukoy ni Nietzsche sa “alipin.” Mas malala daw ang sitwasyon ng modernong manggagawa kaysa sa alipin, mas masaya at mas may seguridad ang huli kumpara sa una, at mas kaunti ang trabaho. Muli, tinuligsa niya rito ang konsepto ng dignidad ng tao, at sinabi pang pagiging banidoso lamang ang dahilan kung bakit tinututulan ng lahat ang pang-aalipin. Konektado ito sa paniniwala ni Nietzsche na “madali” ang mabigat na trabaho. Sa ika-269 na seksyon ng *Bukang-Liwayway*, halimbawa, inalok niyang solusyon sa mga problema sa isip ang pagbabago ng dyeta, at pisikal na paggawa. Sa ika-42 seksyon ng *Masiyahing Agham*, muling ipinamalas ni Nietzsche ang kanyang limitadong perspektibo. Inamin naman niyang ang tinutukoy niya’y ang mga “sibilisadong bansa,” pero hindi pa rin mapigilan ang pagtawa sa kanyang pahayag na pinipili ng mga nagtatrabaho ang kanilang trabaho base sa kapalit nitong pera. Pagkatapos, pinuri iyong mga alagad ng sining at mapagmuning tao na mas gugustuhin pang mamatay kaysa magtrabaho nang hindi nasasarapan sa trabaho. Na para bang gustong ipakita na demokratiko ang kanyang racismo, tinuligsa naman niya sa ika-329 na seksyon ng parehong libro ang “ethos ng kapitalismo” na namamayani sa Estados Unidos. Ang ideolohiyang kanyang kinayayamutan ay ang “mas mabuti nang may ginagawa, kahit

ano, kaysa walang ginagawa." Ito nga ang kanyang natukoy na ang ibang kritiko na aristokratikong rebelyon, ang makakanang kritika sa kapitalismo. Malapit na raw ang araw na ang nakakahiya'y mag-isip at magmuni-muni, samantalang "noon" ang nakakahiya ay ang magtrabaho. Ang isang taong may breeding, itinatago ang kanyang trabaho sakaling mapilitang magtrabaho.

Hindi naman sa hindi alam ni Nietzsche ang kalunos-lunos na kondisyon ng mga manggagawa. Sa ikalawang tomo ng *Taong-tao Lamang*, ang *Lagalag at ang Kanyang Anino*, sa ika-286 na seksyon, sinabi nga niyang hindi malaya ang manggagawa na magtrabaho, at kung paano siya magtatrabaho. Gayumpaman, may pagkainosente, o ignorante, ang pananaw niya sa kapitalismo. Marahil hindi siya malay sa "Satanic mills," at hindi kakayanin ng kanyang imahinasyon ang mga sweatshop ng kasalukuyang panahon. Tinawag niyang katangahan ang pananamantala sa manggagawa, dahil kung inaalagaan lamang ang manggagawa, mas magiging malusog sana ito, at ang mga anak nito'y magtatrabaho para sa kauri ni Nietzsche sa matagal na panahon. (Hindi niya naisip na hindi mo kailangang alagaan ang mga pinagsasamantalahan mo kung tuloy-tuloy lang ang supply mo ng alipin, kung may reserba kang hukbo.) Dito'y maihahambing si Nietzsche sa mga mintis na kampeon ng "etikal na kapitalismo," na para bang ang punto ng kapitalismo ay maging mabuti imbes na magkamal na kapital. Ang argumentong mas umuunlad ang negosyo pag mas makatao ang pagtrato sa manggagawa ay empirikal na nasupalpal ng realidad mismo. Ang maling pagkakaintindi ni Nietzsche, matatawag natin itong makakanang anti-kapitalismo, ay matutunghayan din sa kanyang pagtuligsa sa "makina" sa ika-288 seksyon ng *Lagalag at ang Kanyang Anino:* nawawala nga raw ang pagmamalaki sa mga gawa na mula sa makina, salungat sa pagiging katangi-tangi ng mga artisano bilang indibidwal (ang kanilang mga gawa ay katangi-tangi din).

Sa ika-412 seksyon naman ng unang tomo ng *Taong-tao Lamang*, minaliit ni Nietzsche ang trabaho ng mga babae. Ginamit daw ng mga babae ang pag-aalaga ng mga bata bilang paraan para makaiwas sa trabaho. Gayundin, kahit na abala sila, halimbawa, sa paglilinis ng bahay, nililito ng mga babae ang mga lalake para sumobra ang estima sa halaga nito. Taliwas ang ganitong pilosopiya sa mga argumento na masyado ngang

minamaliit ang trabaho ng mga babae, sa bahay (na hindi binabayaran) at sa opisina (mas maliit ang natatanggap nilang sweldo kumpara sa mga lalake). Iwan na muna natin si Nietzsche sa tuktok ng kanyang bundok. Hindi rin naman sapat na asahan nating masapol ng isang Europeong mulang nakaraang siglo ang ating mga pangangailangan at pangarap. Malusog na suso ang panitikang Filipino kung diskurso sa paggawa ang ating kailangang pagmunihan. Gayumpaman, kailangang bigyang-diin na kahit ang proto-pasistang si Nietzsche ay hindi sasang-ayon sa kasalukuyang kaayusan ng paggawa sa neoliberal na kapitalismo. (Nga lang, ang solusyon niya rito ay tuwirang pang-aalipin. Oh well, al menos malay siya sa problema.)

## Dulog sa mga Filipinong Palaisip

Ipinakita naman ni Rolando Tolentino ang kapangyarihan ng anyong pampanitikan na dagli sa kanyang koleksyon na *Sakit ng Kalingkingan*. Laban sa seksistang pagmamalabis ni Nietzsche, itinala ni Tolentino, halimbawa, sa kanyang dagling "Discount Sex" ang pagpasok ng mga Haponesa sa sex industry "bilang *pangalawang* trabaho (Tolentino 2005, 24, kay Tolentino ang diin). Para sa maraming tao, kahit ang mga nasa first world na Japan, hindi pinagpipilian kung ano ang trabaho, kung ano ang mayroon, iyon ang kukunin. Tulad na lang ng isang babae, na inilarawan ni Tolentino ang buhay sa "Pinakamalaking Balikbayan Box", na tuloy-tuloy ang trabaho sa "dalawang health care center at isang private na bahay." Bigay ito nang bigay ng pera sa pamilya ng inaanak na si Wendy dahil kahit anong "gawin ng nanay at tatay ni Wendy, kulang pa rin ang kita nila" (Tolentino 2005, 28). Samantala, iniulat naman ni Tolentino sa "Drama sa Airport" ang mga OFW na nagiging drug mule bilang sideline dahil sa "maliit na kita sa trabaho" (Tolentino 2005, 91).

Ang kababaan ng sweldo ay palagiang problema ng mga Filipino. Sa klasikong *Sa mga Kuko ng Liwanag*, taktika ng kapatas na si Balajadia na sabihin kay Julio na sobra na ang mga trabahador sa construction, hindi niya ito mabibigyan ng pwesto. Pagkatapos naman, sinabi niyang kahit sino ay pwedeng gawin ang trabaho ng piyon. At nang magprotesta si Julio na dos singkwenta lang ang ibabayad sa kanya at tatllong piso sa pinagtatrabahuan, sumagot

si Balajadia: "O e di do'n ka magtrabaho" (Reyes 2007, 4-5). Kahit sa sektor ng serbisyo, ganito ang kalakaran. Konsultahin natin ang isa pang Reyes. Sa kanyang *Tutubi, tutubi, wag kang magpahuli sa mamang salbahe*, isinalaysay ni Jojo ang paborito nilang waiter sa tanging beerhouse na pinapayagan silang uminom kahit mga menor de edad pa, si Manong: "Bukid ang alam niyang trabaho, pero mahirap sa bukid. Mahirap ding maging waiter dahil maliit lamang ang sweldo, kaya umaasa sila sa tip" (Reyes 1987, 85). At bakit naman nagtitiis ang mga tao sa maliit na sweldo? Nahuli ito sa maikling kwentong "Sulat mula sa Kanto" ni Jun Cruz Reyes: "Huwag ka namang maghanap ng trabaho, gutom ang aabutin" (Reyes 1981, 4).

Dahil sa baba ng sweldo, napagkakaitan ang mga nagtatrabaho ng kahit na aliw ng "middle-brow" na musika. Ito ang isa sa mga pinagmuni-munihan ni Jojo habang nasa loob ng beerhouse na "folk house" ang tawag sa sarili: "Ang mga tunay na folk, hindi naman siguro baliw na dito uubusin ang maghapong kita sa trabaho para lamang makinig sa Lay-la-lay ng "The Boxer" e otso pesos lang isang araw ang sweldo nila" (Reyes 1987, 86).

Inilarawan din ni Reyes ang matatawag nating pagkakompromiso ng mga tradisyon ng mga etno-linggwistikong grupo dahil sa kakapusan ng pera. Naengkwentro niya kasi ang dalawang "Igorot" na nagsasayaw. "Nakabahag lang ang mga ito. Iniitsahan sila ng barya ng mga nagdaraang tinatamad huminto para makipagtangahan sa kanila. Tuwang-tuwa naman ang mga nahikayat nila. Ibang klaseng trabaho ito. Kay hirap talagang maghanapbuhay sa Maynila. Kahit hindi uso ang bahag, magbabahag ka" (Reyes 1987, 87). Dito matutunghayan ang pagiging hiwalay ni Jojo sa kanyang mga naoobserbahan. Kulang pa siya sa lubog kaya malabnaw ang simpatya. Isa siyang intelektwal na tila pusong, hindi pa buo ang radikalisasyon ng kamalayan. Ang nangyari sa mga "Igorot" ni Reyes ay kaugnay ng nangyari sa Deo ni Sicat-Cleto. Kung hindi nga nagiging sabagal ang trabaho sa pagpupursige sa sining (panulat sa kaso ni Deo), nagiging trabaho mismo ang sining, at hindi na ito sining (sayaw, sa kaso ng mga "Igorot"). Sa paghahanap nga ng buhay (sweldo), nauuwi sa hindi lang sa di-makataong kondisyon kundi sa di-makataong gawain ang mga tao. Sa nagsisilbing epilog ng *Tutubi*, ang maikling kwentong "Tapik sa Balikat," ikinuwento niya ang pagtatalo ng magkapatid na Sebio at Ante. Sundalo si Sebio, at mga sundalo ang dumahas at nang-desecrate pa nga sa puntod ni Ante.

Ayon kay Nana Abe, ang kanilang nanay, "Alam kong sundalo lang ang anak ko dahil sa wala naman siyang ibang alam na trabaho. Siguro, kung nakatuntong lang siya sa kolehiyo, hindi niya pipiliin ito" (Reyes 1987, 188). Ang katulad ni Sebio ay ang inilalarawan sa tulang "Pogi" ni Tomas Agulto: "Sikretong-sikreto/Ang kanyang trabaho:/Magreport sa kampo/Ng mga sundalo." Iba nga lang ang katapusan ng tula sa maikling kwento. Katabi man nitong matulog ang baril, nagising na lang ito isang gabi na "Kanyang nadilatan/ Ay dulo ng garan" (Agulto 1987, 258).

Hindi pa kasama dito ang kalulunos-lunos na penomena ng child labor na idinetalye ni Tolentino sa "Pwede Bang Lumaktaw sa Pagkabata?". Ang datos na ibinigay niya ay halos dalawang dekada na, pero walang kikiling na bumuti na ang kondisyon ng inilarawan niyang apat na milyong bata, kadalasa'y edad 10 hanggang 17, na nagtatrabaho. Sa mga ito, 1.1 milyon ang nakakaengwentro ng "silica at sawdust." Ang mas malala, 46% sa mga batang ito, nang isarbey, ay tumugon na "kahit kailan ay hindi inakala na stressful ang kanilang trabaho" (Tolentino 2005, 106). Sarkastikong ipinayo ni Tolentino, sa panghuling dagli sa kanyang koleksyon, na basta ba may trabaho pa, batiin ang umaga ng "Ang ganda-ganda!" (Tolentino 2005, 188).

Sa simulang bahagi ng *The Box* (2021, dir. Vigas), kinakausap ng teenager na si Hatzin (Hatzin Navarrete) ang sekretarya ng center para makuha ang abo ng kanyang ama. Habang inililista ng babae ang mga kailangang pirmahan sa papeles, mababasag ang katahimikan ng burukrasya ng pagdating ng mga kapamilya ng nasa dulo ng pila. Ipinapaalala ng pag-iyak nila, kontra sa tahimik na si Hatzin na siyang tinututukan ng camera, na sa loob nga pala ng mga kahon na kinokolekta ng mga taong ito ay mga kamag-anak nila.

Pagkakuha ni Hatzin sa kanyang kahon, susunod na eksena ang pagtawag niya sa kanyang lola. Hindi ako umiiyak, giit ng binata. Kontra ito sa unang imahen ng pelikula, ang walang tigil na pagsipa niya sa pader ng banyo sa bus. Nasa loob ang kanyang kulo, naghihintay pumutok.

Pauwi na sana si Hatzin nang matyempuhan ang isang lalakeng kamukhang-kamukha ng dapat ay patay na niyang ama nang tumigil ang bus para pababain ang isang pasahero. Kinompronta niya ang taong ito, na sinabing mali si Hatzin, dahil siya si Mario (Hernan Mendoza). Sasakay muli si Hatzin sa bus,

pero dahil nga sa engkwentrong ito, ang disturbance sa kanyang "normal" na mundo, bababa siya ulit. Hahanapin niya si Mario. Ibabalik niya ang kahon, may nagkamali ayon sa kanya. Sa ika-14 ng pelikula, tatawagan niya ang kanyang lola, sasabihing may nagkamali, hindi siya uuwi hanggang hindi niya naitatama. Wag daw itong mag-alala, may matutuluyan na siya. Cut scene: natutulog si Hatzin sa kalsada.

Sa simula, tatanggi si Mario na siya ang tatay ni Hatzin. Pero kahit bigyan si Hatzin ng pera pauwi, o ihatid sa daanan ng bus, balik siya nang balik kay Mario. Susuko na lang si Mario, at ipapakilala si Hatzin sa kanyang mundo. Una, parang mabait si Mario. Tagahikayat siya ng mga tao na magtrabaho sa pabrika ng damit. Pero matutuklasan ni Hatzin ang katotohanan. Handang magnakaw ng mga makinang pangtahi si Mario para tuparin ang kanyang pangarap na magkaroon ng sariling pabrika. Gayundin, hindi makatao ang kondisyon sa mga pabrika kung saan nila, kasama na si Hatzin sa operasyon ngayon, dinadala ang mga desperadong tao para magtrabaho, i.e. pagsamantalahan ang lakas-paggawa. Kinatawan ng mga pinagsasamantalahang ito si Laura (Dulce Alexa Alfaro). Nagrereklamo ang babae, kasi kinaltas sa sweldo nila ang pamasahe para dalhin sa pabrika. Pagkatapos, pinagtatrabaho sila ng 14, imbes na 12 oras. Pagkatapos ng isang eksena ng pagpapagalit ni Mario kay Laura ("Nagsisimula ka ng gulo!"), isasama ng lalake si Hatzin para maglibing ng bangkay sa gitna ng disyerto. Ito si Laura, nagaya na rin, tulad ng ubod ng dami pa, sa tatay ni Hatzin.

Mala-demonyong figura si Mario kay Hatzin. Bibigyan nito ng sariling kwarto si Hatzin sa bahay. "Aaminin" nitong siya nga ang tatay ng binata. Bibigyan nito ng sariling kabayo si Hatzin. Ituturing ni Mario na parang tunay na anak si Hatzin. Sa party para sa bagong silang nitong sanggol, tatawagin ni Mario si Hatzin: "Halika, buhatin mo ang kapatid mo." Mabait si Mario sa mga kapwa kriminal, pati sa mga galamay. Sabi nga ng kasama nitong recruiter na si Richi (Elian Gonzalez): "Namatay sana ang nanay ko kung hindi dahil sa tulong niya." Muli, narito ang hilig sa pagbabanggaan ng magkasalungat na imahen si Vigas: ang buong pamilya ni Mario, biyolohikal at lampas, na umaakit kay Hatzin, at ang nasirang pamilya ni Laura, na bahagi si Hatzin sa pagkawasak.

Ang kapalit nito syempre ay ang kaluluwa ni Hatzin. Hahanapin si Laura ng kanyang nanay. Sa simula, pananakot

lang ang papel ni Hatzin. Sa huli, dahil panay pa rin ang dulog ng nanay sa pulis, si Hatzin ang ipapadala para patayin din ito. Kumbinyenteng sinisisi ni Mario at ng mga tagapabrika ang mga cartel para sa pagkawala ng kanilang mga empleyado. Sa huli, hindi kakayanin ng konsensya ni Hatzin ang buhay-kriminal. Pagkatapos ng pagkalas niya kay Mario, mababalik sa kanya ang kahon na tinalikuran niya sa simula. Sakay ng bus na mag-uuwi sa kanya sa kanyang lola, mahigpit ang kapit niya sa kahon. Ito ang huling imahen ng pelikula.

Ang close up na ito'y salungat din sa motif ng mga shot sa malawak na disyerto ng Mexico. Palagiang ipinapakita si Hatzin na naglalakad, tumatakbo, mag-isa sa mga espasyong mag-isa lang siya. Bilang "tugma" sa mga ito, sa huling imahe'y hindi na mag-isa si Hatzin, kasama na niya ang kahon, ang kanyang "patay na tatay," na siya namang simbolo ng pagtakwil niya kay Mario, ang kanyang "buhay na tatay."

**Oras Mo Na!**

Kinakampihan ng pelikula ang "patay na tatay" laban sa "buhay na tatay" (na makatarungan lang), pero paano kung ang mundo ng huli ay hindi puro pagnanakaw at patayan?

Sa pagsusuri ni Frantz Fanon sa kanyang *The Wretched of the Earth* sa proseso ng dekolonyalisasyon, sinalungguhitan niya ang abang kondisyon ng mga manggagawa sa mga neokolonya na bansa sa Ikatlong Daigdig. Pagkatapos ng siglo ng pananamantala, itinuturing pang kasalanan ng mga bansang bagong naging independyente ang pagkaatrasado nila: "Testigo tayo sa mobilisasyon ng bayan na kailangan ngayong maupos sa pagtatrabaho habang pinagmamasdan ng hambog at manas na Europa" ("We are witness to the mobilization of a people who now have to work themselves to exhaustion while a contemptuous and bloated Europe looks on") (Fanon 54-55). Pero paano kung hindi ganito ang kaso? Paano kung hindi "kayod kabayo" ang trabaho?

Sentral ang penomena ng trabaho sa *Makinilyang Altar* (Sicat-Cleto 2000). Ginamit ng awtor ang punto de bista ng isang bata para idepamilyarisa ang trabaho. Habang kumakain ng blueberry parfait, naisip ni Laya na kay "sarap naman ng trabaho ng nagpapatung-patong ng mga scoop ng ice cream na

iyon" (Sicat-Cleto 31). Ironiko ang tono ng matandang Laya na dominanteng kamalayan ng nobela sa pagsalaysay ng alaalang ito. Alam niyang hindi masarap na trabaho ang paulit-ulit na pag-scoop ng ice cream.

Sa unang bahagi naman ng nobela, para mailarawan ang milieu sa Marikina noong tumuloy sila ng kanyang pamilya sa bahay ng kanyang hipag, trabaho na, at ang mga nagtatrabaho, ang tinalakay ng bida: "Karamihan sa mga kapitbahay namin sa Kalye Kamantigue'y nagtatrabaho sa gobyerno bilang mga kawani o bisor... Ngunit mas marami ang bilang ng mga pamilyang ang isa sa mga magulang ay pirmeng walang trabaho, na kadalasa'y mga lalaking minsang naging pulis, klerk sa munisipyo, mensahero o anupaman, na nawalan ng gana sa pagtatrabahong tila walang patutunguhan ang tapat na pagkayod" (Sicat-Cleto 2000, 3). Ang kababaaan ng sweldong pinahihiwatigan sa huling bahagi ng sipi ay isa lamang sa mga problema sa trabaho na ginalugad ng nobela, at natalakay na natin sa mga naunang seksyon. Isa pa rito'y ang polisiya ng palagiang pagpiga sa oras ng mga trabahador, at babalikan natin sa ibaba. Dito tatalakayin muna natin ang pagkain ng oras ng trabaho. Ang nanay ng bida, halimbawa, ilang linggo lang pagkatapos iluwal ang pangalawang anak ay "kinailangan nang magreport sa trabaho" (Sicat-Cleto 2000, 7).

Lumalabas sa nobela na ang trabaho ang sagabal sa mga artistikong proyekto, na siya namang kinatawan ng mga makataong paggamit sa oras (salungat sa di-makataong kapitalistang pagbigay ng oras para sa tubo). Nang makasalubong ng tatay ni Laya, si Deo, ang kaibigan nitong hinahanap ang kakilala nilang kritiko, natanong ni Deo kung bakit. Ipapasulat ng nobelista ang introduksyon sa kanyang libro sa kritiko, sabay paliwanag: "'Dre, ikaw naman talaga sana ang susulat no'n, kaso lang hindi ko alam kung kailan mo maisisingit. Tila nalulunod ka sa trabaho no'ng mga panahong iyon." (Sicat-Cleto 2000, 64).

Dito'y kaiba siya, halimbawa, sa persona ng ikalawang seksyon, "May Isang Alitaptap," sa tulang "Trilohiya sa Paghanap ng Liwanag," ni Lamberto Antonio, na umalis ang kaibigang tinutugis ng militar pagkatapos makitulog ng isang gabi sa kanila kaya "Sa halip magbihis at pumasok sa trabaho/ Aking tinanghuran at sinangguni ang makinilya ko" (Antonio 1987, 274).

Ang kay Laya nga ang dominanteng kamalayan sa nobela, pero paminsan ay lumilipat ito kay Deo, ang kanyang tatay. Sa isang excerpt mula sa kanyang diary, naipamalas naman

ang kakatwang pananaw ni Deo sa trabaho bilang indikasyon ng pagkatao. Kakapakilala kasi sa kanila ng kanyang asawa ng dalaga nang si Laya sa kasalukuyang nobyo, “kutis mayaman, ngunit bihis aktibista.” Naalala niya dito ang mga pekeng rebolusyonaryo ng kanyang kabataan, na ibinababad sa klorox ang pantalon para magmukhang pinaglumaan. Kinilatis ni Deo ang mga kuko ng lalake, na ginamitan ng nipper. Kinamayan niya ito at “hindi na ako nagulat nang matuklasan kong malambot ang palad nito. Hindi pa nakakatikim ng mabigat na trabaho ang isang ito” samantalang si Deo ay labing-isang taon pa lang ay tumutulong na sa pangingisda ng kanyang tatay (ang lolo ni Laya). “Nagtitinda na siya ng balut. Nakikiani ng kamote sa tumana, para lamang may makain” (Sicat-Cleto 2020, 120). Pareho lang daw si Laya at ang kasintahan nito, wala pang alam sa buhay.

Para kay Deo, ang pagbabanat ng buto ay nakakabuo ng character. Gayundin, hindi maaaring irepresenta ng mga mayaman ang mga mahirap. Nakakatawa ang kanyang pagtingin nang mababa sa kasintahan ni Laya, dahil bago naman maging mangingisda ang lolo ni Laya, ito ay nagtatrabaho sa bangko at nasisante lang dahil naging guarantor ng estapador pala (Sicat-Cleto 82-110). Maihahambing ang pananaw ng batang Laya sa kay Deo. Para sa una, mayroong mga trabaho na masarap, samantalang para sa huli, ang pagiging mahirap ng trabaho ang nagbibigay dito ng bigat o awtentisidad. Totoo ba ito?

Inilista ni Fanon, kasama ang edukasyon, moralidad na turo sa pamilya, respeto sa status quo, ang “exemplary integrity of workers decorated after fifty years of loyal and faithful service” sa pagkumbinse sa mga pinagsasamantalahan na marapat sumunod, tulong para dumali ang trabaho ng pulisya at militar (Fanon 2004, 3-4). Ang pagiging problema ng trabaho mismo qua trabaho ay tatalakayin natin sa ibaba. Unahin muna natin ang mga aksidental na katangian ng trabaho na maaaring maging hindi kanais-nais (kumpara sa mga esensyal na katangian nito).

## Wala nang Trabaho

Laban naman sa mga mangangatwiran na maaari namang mag-resign ang mga nahihirapan sa trabaho, ibinigay ni Tolentino ang kaso ng isang dating guro sa departamento ng Ingles sa University

of Sto. Tomas na anim na buwang "natengga" bago maging call center agent (Tolentino 2005, 101). Inihuhugpong ni Tolentino ang kanyang mga pagninilay-nilay sa trabaho sa kasaysayan. Sa kanyang "9/11/01," ikinuwento niya ang 1,200 Filipino na nasisante dahil sa US Aviation Law, na ipinagbawal "ang pagtatrabaho ng imigrante bilang airport screeners" (Tolentino 2005, 37). Sub-contractual ang trabahong ito, mababa ang sweldo kahit na mabigat. Ang pagtanggal sa mga Filipinong ito ay bunga ng tuminding racistang polisiya noon sa Estados Unidos, bunga ng kanilang "gera laban sa terorismo" at pagsakop sa Afghanistan. Sa umiigting na krisis ng pandaigdigang kapitalismo, ang trabaho mismo ang nasa panganib na mawala.

Sa *This Earth of Mankind* ni Pramoedya Ananta Toer, isang guro ang naglarawan ng kinabukasang malapit nang dumating, kung kailan "hindi na kailangang pwersahin ng bayan ang kanilang buto at palabasin sa piga ang kanilang pawis para sa kakarampot na resulta" ("people will no longer have to force their bones and squeeze out their sweat for so little result"). Mga makina na daw ang gagawa ng lahat. "Walang ibang kailangang gawin kundi magsaya" ("People will have nothing to do except enjoy themselves") (Toer 1996, 17). Paparating na nga ang mga makinang kayang gawin ang lahat ng gawain ng tao, pero hindi yata ito ang utopia sa isip ng guro ni Minke. Tingnan na lamang natin ang naging epekto ng pag-abante ng teknolohiya sa larang ng edukasyon. Ayon kay Ramon Guillermo, mauuwi na lang daw ang malaking bahagi ng kaguruan sa "discussion leaders," "assistants," at "clerical workers" "assigned to make regular reports on the data analytics generated by … software." Ito'y dahil sa malawakang distribusyon at paggamit ng "digitized course material," magreresulta itong "educational automation" sa "deskilling, deprofessionalization, and casualization" ng mga guro, na ang kakambal nama'y pagbaba ng sweldo (Guillermo 2020, 86-87). Dahil ang maksimisasyon ng tubo ang layunin ng kapitalista, sa kanilang perspektibo, mahusay talaga ang tinatawag na "online education." Unang-una, bababa ang gastos ("overhead costs … funds which used to be required for staffing and facilities"). Pangalawa, magkakaroon ng "work-intensification." Darami nga ang mga estudyante ng guro, habang hindi na kailangang maging permanente ang mayorya ng mga nagtatrabaho sa edukasyon. Muli, ang kakainin dito ay ang oras ng trabahador (sa kasong ito,

ng guro): "The constant expectation for engagement at any hour, seven days a week is facilitated by the attendant work-from-home setup. Life-work balance turns out to be severely challenged when one's working space converges with personal spaces" (Guillermo 2020, 86). Engkwentro ito ng "gig economy" at edukasyon. Hindi ito pagtanggi sa teknolohiya o pagnais na umatras ang panahon. Ito ay pagtanggi sa lohika na "Ito lang ang ginagawa ko, kaya ito lang ang sweldo ko," patungong "Ito lang ang gagawin ko, at ito dapat ang sweldo ko."

Kaya mababa ang sweldo ng mga manggagawa ay dahil sa tubo ang layunin ng mga korporasyon sa kapitalistang sistema. Mas maraming trabaho at mas mababa ang sweldo ng isang trabahador, mas malaki ang kita ng kapitalista. Matutunghayan ang penomenong ito, halimbawa, sa pag-iimis ng security guard sa mga mesa sa binabantayang multinasyonal na kapehan, kahit hindi naman siya server o busboy. Narito naman si Marx para sa historikal na pagkukumpara: "We have seen that in industry proper this labour of cleaning is performed by the working-men gratis, during the rest periods...." (Marx 1974, 177).

Sa kanyang aklat ng sariling-sikap na *Feel Good Productivity*, inulit ng YouTuber na si Ali Abdaal ang kwentong naibahagi na niya sa kanyang podcast, tungkol sa katapusan ng isang niyang shift bilang residenteng doktor sa London. Paalis na dapat siya, pagkatapos ng 13 oras ng pagtatrabaho, nang mautusang maglagay ng IV sa isa pang pasyente. Sumama ang loob niya, dahil mahirap mahanap ang ugat ng pasyente, at kung di siya tumambay nang ilang sandali problema na sana ng susunod na doktor ang obligasyon niyang gawin. Pero narinig niya ang pagpuri ng isa pang pasyente sa ospital, at dito niya pinasok ang ideolohiya ng pagpapalit ng mindset. Imbes daw na "Kailangan kong gawin ito," maaaring baguhin ang pananaw sa isang sitwasyong bilang "Nabigyan ako ng oportunidad na gawin ito," o pwede pa ngang "Nabiyayaan akong gawin ito" (Abdaal 2023, Abdaal 2024). Hindi kailan man naisip ni Abdaal na ang problema'y ang pagkakaroon ng mga shift na 13 oras para sa mga doktor.

Ang nakakatawa, hindi lang ang pagtatrabaho ng 13 oras ng mga doktor, na hindi naman talaga araw-araw, kundi ang 8 oras ng pagtatrabaho, Lunes hanggang Byernes, ang tinututulan nina Will Stronge at Kyle Lewis (2021). Para ipaliwanag ang kanilang

hiling para iklian ang oras ng pagtatrabaho, inugat nila ang laban na ito, na inilarawan nilang singtanda ng kapitalismo mismo. Mga mason sa Australia, kwento nina Stronge at Lewis, ang unang nagmartsa para sa mas maikling oras ng pagtatrabaho, mula 10 papuntang 8, noong 1856. Kung isa lang ang matututunan mula sa papel na ito, ito dapat, kung hindi dahil sa militanteng pagkilos, hindi man lang bababa mula 10 papuntang 8 ang minimum na oras ng pagtatrabaho.

Samantala, sa Inglatera at hindi lang dito, mas maraming pera ang pumapasok sa bulsa ng mga hindi nagtatrabaho. Nagkataon lang na may-ari sila ng mga share ng kompanya, na siya namang nag-aabot sa kanila ng dibidendo. (Maaari ding pag-aari nila ang lupa, at binabayaran sila ng renta.) Ang pagbabanat ng buto, argumento nina Stronge at Lewis, ay hindi ang daan para sa mabuting buhay. Sa United Kingdom, dagdag pa nila, 12 porsyento lamang ang nagmamay-ari ng kalahati ng (pribadong) yaman. Sa artikulong "Billonaire tax can fund ayuda and health" (2021), inilahad ng IBON Foundation na 2,919 bilyonaryong Filipino ang may hawak ng 8.1 trilyong pisong yaman. Ibig sabihin, .003 porsyento lamang ang may hawak ng 16 na porsyentong yaman!

Binanggit nina Stronge at Lewis ang tinatawag ni David Frayne na "employment dogma": na nakaugnay ang pagkakaroon ng trabaho sa kalusugan, at kailangan ng trabaho para sa mabuting buhay. Ang tinutukoy na "mabuting buhay" dito ay iyong "flourishing" ng isang tao, kung saan nagagalugad niya ang kanyang mga talento at natutupad ang kanyang "tadhana" o "layunin" bilang tao. Argumento nina Stronge at Lewis na kailangang putulin ang imahinaryong ugnayan ng trabaho at ang konsepto natin ng mabuting buhay. Ang trabaho pa nga ang balakid sa kalayaan at mabuting buhay.

Nagdudulot ang trabaho ng sakit sa isip. Nakaugat sa trabaho ang stress, anxiety, and matinding kalungkutan (depresyon). Kailangan ng mas maikling oras sa trabaho para maging mas malusog. Sa pagpapaikli ng oras para sa trabaho, napapalakas din ang transisyon tungo sa dekarbonisasyon ng Kanluraning ekonomiya, ayon kina Stronge at Lewis. Sa mga atrasadong ekonomiya naman tulad ng sa Pilipinas, makakatulong ang pagpapaikli ng oras ng trabaho para sa mas pantay-pantay na distribusyon ng yaman.

Binanggit din nina Stronge at Lewis ang tungkol sa gawa ni Kathi Weeks, na tinuligsa nga ang mito ng kabutihan ng trabaho na laganap sa kapitalismo at nagbabalang nakabaon din ang mga kuko nito sa ilang bersyon ng Marxismo at sosyalismo. Kailangang igiit na bilang mga sosyalista, pangarap natin ang tunay na malaya at mabuting buhay para sa sangkatauhan, at hindi mas mataas na GDP (dahil mas episyente ang sosyalismo sa kapitalismo). Mahusay dito ang sinipi nilang pahayag ni Sylvia Federici: “Gusto natin ng pera para sa bawat sandali ng trabaho, para maaari nating tanggihan ang ilan dito, hanggang sa maaari na nating tanggihan ang lahat-lahat ng uri nito,” ibig sabihin, isang araw, wala nang trabaho. Bago natin balikan ang *Overtime* mainam na pasadahan kahit papaano ang ideya ng panlipunang reproduksyon. Sa kanyang karera lumawak nang lumawak ang pag-intindi dito ni Federici. Una, nakahugpong ito sa trabaho sa bahay, sa mga mayorya ay ginagawa ng kababaihan na susi din naman sa reproduksyon ng lipunan. (Kung hindi naglilinis ng bahay ang mga nanay, hindi ito pagmamalabis, mabilis na madidistrongka ang makinarya ng kapitalismo.) Pangalawa, tinukoy ni Federici ang dalawang maaaring kahulugan ng reproduksyon, reproduksyon sa tao bilang tao, at reproduksyon sa tao bilang maaaring pagsamantalahan. Pagpapalawig pa lalo ang pangatlo. Dito, naiintindihan na sa panlipunang reproduksyon susi din ang mga gawain sa labas ng bahay. Halimbawa niya ang trabahong nagaganap sa mga eskwelahan at ospital (Federici at Sitrin, “Social Reproduction”).

Pagpapatuloy nina Stronge at Lewis, sa laban para paikliin ang oras sa trabaho, sabay na nakikilala din iyong mga uri ng trabaho na hindi kinikilala (at binabayaran), pangunahin na rito ang feminisadong trabaho (sa bahay, halimbawa, tingnan ang hirit ni Nietzsche sa naunang seksyon). Ang nais buwagin dito ang pagtatrabaho mismo. Wala dapat ang matakot na mamamatay dahil lamang hindi makapagtrabaho. Samantalang hindi pa dumarating ang kaluwalhatiang ito, igigiit muna kasama nina Stronge at Lewis ang hiling na paikliin ang oras ng trabaho, at gawing apat na araw lamang ang “working week.” Ito ba ay kawirduhan at imposibleng panaginip? Hindi nga ba’t ang mas wirdo ay ang makakanang pilosopiya ni Nietzsche na tinalakay sa simula ng sanaysay? Naitala na ng marami ang papuri ni Rizal sa katamaran ng mga Filipino (1890), kaya mamaparatin kong

tapusin ang papel na ito gamit ang malapit-lapit na pahayag ni Fanon: "Malay na paraan ng pananabotahe sa makina ng kolonyalismo ang katamaran ng nakolonisa; sa biyolohikal na lebel ito ay kamangha-manghang sistema ng pagpapanatili ng sarili" ("The colonized's indolence is a conscious way of sabotaging the colonial machine; on the biological level it is a remarkable system of self-preservation....") (Fanon 1963, 220).

Dalawang huling punto. Una, sa kanluran, ipinag-iiba ang trabaho at paggawa. Ang huli, sa Aleman, ay "Werke," ("Ang aking Werke," sabi ng Zarathustra ni Nietzsche) at "Arbeit" ("Arbeit macht frei") naman ang una. Inaamin ng may-akda na hindi niya sinusundan ang binaryang ito.

Pangalawa, maaaring akusahan ang may-akda ng pagkiling sa mga malikhaing gawa, pilosopo man o direktor, makata man o nobelista, nang hindi man lang komukunsulta sa mga manggagawa mismo. Marahil ito ay nakaugat sa paniniwalang ang pagsusulat din, pagsusulat man ng personal na sanaysay o pananaliksik, ay paggawa. Pinagsasamantalahan din ang lakas-paggawa ng manunulat, at sa tinatamasang utopia, magsusulat ang manunulat pag "trip" niyang magsulat, at hindi dahil siya ay "wage slave" na walang makakain kung hindi siya magtatrabaho. Sa utopiang ito, hindi maghahabol ang mananaliksik para irebisa ayon sa sa reviewer ang kanyang papel para makapasa sa peer-reviewed journal sa pag-asang magagamit ang publikasyon para sa puntos, na mauuwi sa promosyon at baryang dagdag sa sweldo, kundi dahil nais talaga niyang pakintabin, parang bota, ang kanyang papel, hanggang sa kailangang magtabing ng mga mata ang sinomang sisilay dito.

**Mga Sanggunian**

Abdaal, Ali. (2023.) "You're Not Lazy: How to Make Discipline Lazy - Ryan Holiday." youtube.com. Huling inakses Pebrero 28, 2024.

Abdaal, Ali. *Feel Good Productivity* (New York: Celadon Books, 2024).

Agulto, Tomas. "Pogi." Nasa Alfrredo Salanga et al (mga ed), *Kamao: Tula ng Protesta 1970 1986* (Manila: Cultural Center of the Philippines, 1987), pp. 257-258.

Antonio, Lamberto. "Trilohiya sa Paghanap ng Liwanag." Nasa Alfrredo Salanga et al (mga ed), *Kamao: Tula ng Protesta 1970-1986* (Manila: Cultural Center of the Philippines, 1987), pp. 271-274.

Fanon, Frantz. *The Wretched of the Earth* (New York: Grove Press, 2004).

Federici, Sylvia at Marina Sitrin. "Social Reproduction: Between the Wage and the Commons." roarmag.org. Nasa https://roarmag.org/magazine/social-reproduction-between-the-wage-and-the-commons/. Huling inakses Oktubre 12, 2024.

Guillermo, Ramon. "Education Encounters in the Digital Sphere: Putting in Perspective the Transition to Remote Learning/Online Education." *Dx MACHINA 2 Philippine Literature in the Time of COVID-19.* Special Issue. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* Tomo 14, Blg. 3, 2020, pp. 84-93.

IBON Foundation. (2021.) "Billionaire tax can fund ayuda and health." ibon.org. Nasa https://www.ibon.org/wealth-tax-on-billionaires-can-fund-ayuda-and-health-ibon/. Huling inakses Pebrero 29, 2024.

Marx, Karl. *Capital: A Critique of Political Economy Volume II,* inedit ni Friedrich Engels (Moscow: Progress Publishers, 1974).

Nietzsche, Friedrich. *Basic Writings of Nietzsche,* inedit at isinalin ni Walter Kaufmann (New York: Modern Library, 1967).

Nietzsche, Friedrich. *The Gay Science* (New York: Vintage, 1974).

Nietzsche, Friedrich. *Human, All Too Human* (Cambridge: Cambridge University Press, 1996).

Nietzsche, Friedrich. *Daybreak* (Cambridge: Cambridge University Press, 1997).

Reyes, Edgardo. *Sa mga Kuko ng Liwanag* (Quezon City: C&E, 2007).

Reyes, Jun Cruz. *Utos ng Hari* (Quezon City: New Day, 1981).

Reyes, Jun Cruz. *Tutubi, tutubig, wag kang magpahuli sa mamang salbahe* (Quezon City: New Day, 1987).

Rizal, Jose. (1890.) "The Indolence of the Filipino." gutenberg.org. Nasa https://www.gutenberg.org/cache/epub/6885/pg6885-images.html. Huling inakses Pebrero 29, 2024.

Sicat-Cleto, Luna. *Makinilyang Altar* (Quezon City: UP Press, 2000).

Stronge, Will at Kyle Lewis. *Overtime: Why We Need a Shorter Working Week* (London: Verso, 2021).

Toer, Pramoedya Ananta. *This Earth of Mankind* (New York: Penguin, 1996).

Tolentino, Rolando. *Sakit ng Kalingkingan* (Quezon City: UP Press, 2005).